SAGISAG NG SANGGUNIANG BAYAN
BUSTOS, BULACAN

BCH

OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
by: [signature]
Date: 8-23-23 Time: 3:25

# KAPASIYAHAN BLG. 2023-118

**"NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG BAYAN, IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN AT LUMAGDA SA ISANG ADDENDUM TO A CONTRACT SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN AT MEDCORE PLUS ENTERPRISES NA NAUUKOL SA PAGBIBIGAY NG TULONG SA BUSTOS DIALYSIS CENTER."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Juliet DJ. Dela Cruz**
*Tagapangulo*
**Lupon sa Kalusugan at Sanitasyon**

---

**SAPAGKA'T,** may nauna nang napatibay na Kapasiyahan Bilang 2021-50 na nauukol sa kasunduang konstruksyon ng hemodialysis at pagbibigay ng Medcore Plus Enterprises ng pito (7) hanggang sampung (10) hemodialysis machine at iba pang mga kagamitan;

**SAPAGKA'T,** sa addendum ng kontratang ito ay ang Pamahalaang Bayan ay magbibigay ng tulong sa Bustos Dialysis Center sa pagpapatakbo ng Medcore Plus Enterprises na nagkakahalaga ng Isang Milyong Piso (₱1,000,000.00) para sa Medical Assistance for Indigent People (MAIP) Program;

**SAPAGKA'T**, sa ginawang pag-aaral ng Lupon ng kalusugan ay napatunayang ang karagdagang termino sa kontratang ito ay labis na makakatulong sa mamamayang Bustosenyong nangangailangan ng dialysis.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. JULIET DJ. DELA CRUZ** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pahintulot ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na katawanin ang pamahalaang bayan at lumagda sa isang addendum to a contract sa pagitan ng Pamahalaang Bayan ng Bustos, Bulacan at Medcore Plus Enterprises na nauukol sa pagbibigay ng tulong sa Bustos Dialysis Center.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-22 ng Agosto taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Niña Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Virgilio S. Paglinawan**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

---

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-22 ng Agosto taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim